MAIL PERMIT No. 2C-17-05-533/ ENTERED AS 1ST CLASS
ISSN: 2546-0536

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 10 Blg. 16 August 18-24, 2025 P10.00




## 124th Police Service Anniversary, pinangunahan ni PBBM...

# TRECE MARTIRES CCPS, NAGPAKITA NG NATITIRANG 5-MINUTONG ORAS NG PAGTUGON

p. 2




*BACOOR AND BAGUIO CITY FORMALIZE SISTERHOOD THROUGH MEMORANDUM OF UNDERSTANDING- story p.7*




**ANG** talakayan nina Assistant Professor Aldean Alonto, mula sa Institute of Peace and Development in Mindanao - Mindanao State University; Commissioner Carlo Ebeo at Commissioner Arvin Villalon; mula sa NCCA; at G. John Rommel Garces, Chief Branch Manager ng HWPL Philippines, kaugnay ng ginanap na HWPl, NCAA 3rd National Peace Convention na ginanap kamakailan sa Quezon City MICE (Meeting Incentive, Conference, Exhibitions) Center. ***(REY NILLAMA) -story p.7***



**NAKANGITING** nag-selfie sina 'The Agenda Forum' host Atty. Siegfred Mison; Lorenzo "Erin" Tañada III, Acting President, Liberal Party of the Philippines; at Prof. Francis "Kiko" Aquino Dee Political Analyst · Co-Convenor, Tindig Pilipinas, matapos ang kanilang pagpapalitan ng pag talakay sa "Archived Impeachment: Ano na ang Mangyayari? People's Tribunal?" sa ginanap na lingguhang The Agenda Forum sa Waling-Waling Room Club Filipino Greenhills San Juan. ***(REY NILLAMA)***



*DOST-CAR hosts back-to-back events in Baguio City to champion resilience and innovation in Luzon- story p.4*




*"FILIPINO INVENTORS WINS 3 GOLDS AT THE SILICON VALLEY INTERNATIONAL INVENTION FESTIVAL"- story p.4*



*DOST-CAR Showcased Science, Technology, and Innovation Milestones in Baguio City and Benguet- story p.7*

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

# *124th Police Service Anniversary, pinangunahan ni PBBM…*
## TRECE MARTIRES CCPS, NAGPAKITA NG NATITIRANG 5-MINUTONG ORAS NG PAGTUGON

**PINANGUNAHAN** ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. bilang panauhing pandangal at tagapagsalita ang pagdiriwang ng Pambansang Pulisya ng Pilipinas ng kanilang ika-124 na Anibersaryo ng Serbisyong Pulisya nitong Agosto 12 na ginanap sa PNP Grandstand, Camp Crame, Quezon City.

Bumisita rin si PBBM sa PNP Command Center at itinampok sa briefing ang mga live na demonstrasyon na nagpapakita ng mabilis na kakayahan ng pambansang pulisya sa pagpapatakbo.

Ipinakita rin ni PNP chief, PGen Nicolas Torre III ang mga video ng kamakailang matagumpay na operasyon ng pulisya gamit ang mga drone at body-worn cameras (BWCs) ng 2,696 BWCs na kasalukuyang naka-deploy, 800 units ay maaari na ngayong mag-stream ng live na video, na higit na nagpapahusay sa transparency at operational monitoring.

Sa naturang kaganapan ay espesyal at personal na pinili ni Torre ang Trece Martires Component City Police Station (CCPS) para isagawa ang live na 5-Minute Response Time demonstration.

Naging kahanga-hanga naman dahil dumating sa eksena ang Trece Martires CCPS team sa loob lamang ng 2 minuto at 41 segundo. Kung tutuusin ay mas maaga pa ito sa target na oras kaya naman nakakuha ng papuri mula sa PNP Chief gayundin sa mga dumalo sa kaganapan.

"Five minutes — just a relatively small window of time, but five minutes can mean the difference between safe and danger, even between life and death," pahayag ng Presidente.

"Walang lugar ang katiwalian sa ating kapulisan… Be assured that the government stands with you, behind you, every hour of every day, as you continue to carry out your mission and build a safer and more peaceful Bagong Pilipinas," dagdag pa ng Chief Executive.

"When I assumed office as Chief of the Philippine National Police on June 2, 2025, I declared one clear vision: Our response must be swift. Our presence must be felt. And our service must be unwavering," bahagi naman ng talumpati ni Torre.

Nabatid na ang pagdiriwang ay may temang "Pulisya, Bantayog ng Bayang Matatag" na nagbigay-pugay sa katapangan, dedikasyon, at paglilingkod ng mga kalalakihan at kababaihan ng PNP sa pangangalaga sa kapayapaan, kaayusan, at kaligtasan ng publiko.

# 2 SLI, huli ng pulis-Gentri sa buy bust operation

**DALAWANG** Street Level Individual (SLI) ang nahuli ng mga tauhan ng Drug Enforcement Unit ng General Trias Component City Police Station sa ikinasang buy bust operation kamakailan.

Nakilala ang dalawang suspek na sina alyas Jhay at alyas Elmer, kapwa residente ng Barangay San Francisco, City of General Trias, Cavite.

Isinagawa ang buy-bust operation dakong alas-10:30 ng gabi nitong Agosto 12 sa naturang barangay na may koordinasyon sa PDEA.

Nakuha mula sap ag-iingat ng mga suspek ang dalawang heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng puting kristal na hinihinalang shabu, MOL 25.20 gramo, na may standard drug price na P171,360.00, buy-bust money, at isang unit na Motorstar Motorcycle na kulay pula.

# Holdaper 'naperder'

**NAPERDER** ang isang holdaper sa isinagawang matagumpay na hot-pursuit operation ng kapulisan kamakailan sa Bacoor City, Cavite.

Ang suspek ay nakilalang si alyas Michael, residente ng Barangay Zapote 1, Bacoor City.

Nasakote ang suspek nina PSMS Cortez Oscar Tangol at Pat Robin Candidato Quian, ng Mobile Patrol Unit ng Bacoor Component City Police Station dakong alas-3:00 ng hapon sa Barangay Zapote 2, Bacoor City, nitong Agosto 11.

Sa nasabing operasyon ay nakuha ang isang gintong kwintas na may palawit na simbolong 'Chanel' na nasa pag-iingat ng suspek.

Sinusulat ito ay patuloy ang kapulisan sa pagtugis sa kasabwat ng suspek sa pagsagawa ng krimen.

# 4 katao, tiklo sa 'bato at damo'

**TIKLO** ang apat katao matapos mahulihan ng hinihinalang shabu at marijuana sa ikinasang buy-bust operation ng pulisya kamakailan sa General Mariano Alvarez, Cavite.

Ang mga suspek na pawang Street Level Individual ay kinilalang sina alyas Jenny, alyas Negra, alyas Bagi; na kapwa residente ng Barangay Memije, GMA, Cavite; at alyas Gek, residente ng Barangay Malitlit, Sta. Rosa, Laguna.

Isinagawa ang operasyon na may koordinasyon sa PDEA ng mga operatiba ng Station Drug Enforcement Team ng GMA MPS dakong alas-10:40 ng gabi nitong Agosto 13 sa Barangay Memije, GMA.

Nasamsam sa mga suspek ang 11 piraso ng heat-sealed transparent plastic sachets ng hinihinalang shabu na nasa mahigit 7.50 gramo na nagkakahalaga ng P51,000, at isang self-tied transparent plastic ng hinihinalang marijuana (kush) na may 5.00 gramo na nasa P7,500 ang halaga.

# Wanted sa kasong murder 'nakorner'

**ISANG** wanted sa kasong murder ang 'nakorner' matapos ang matagumpay na sanib pwersang operasyon ng pulisya kamakailan sa Trece Martires City, Cavite.

Ang operasyon ay isinagawa ng warrant section ng Trece Martires City Police Station katuwang ang CI Team, RID 4A, F2/401st AMC, RMFB 4A, PIT Cavite, at RIU 4A, dakong alas-9:15 ng umaga nitong Agosto 11 sa Barangay Gregorio, Trece Martires City.

Nagresulta ito sa pagkakadakip sa akusadong si alyas Raymond, residente ng Barangay San Francisco, Gen. Trias City.

Nabatid na si Raymond No. 6 sa listahan ng Regional Level Most Wanted Person.

Ang pagkakaaresto ay sa bisa ng warrant of arrest para sa kasong murder na inisyu at pirmado ng RTC, Branch 23, Trece Martires City, Cavite noong Mayo 29, 2025, na walang piyansa at sa operasyon ay gumamit ang kapulisan ng Alternative Recording Device.

# Kelot, nakunan ng iligal na baril sa checkpoint

**NAHULIHAN** ng iligal na baril ang isang lalaki habang nagsasagawa ng spot checkpoint ang mga awtoridad kamakailan sa Tagaytay City, Cavite.

Ang suspek ay nakilalang si alyas Mar, residente ng Barangay Neogan, Tagaytay City.

Napag-alaman na dakong alas- 11:20 ng gabi ay nagsasagawa ng checkpoint sa Footbridge, Brgy. Silang Crossing East, Tagaytay City, nitong Agosto 13.

Sa pangunguna nina PSMS Filipino Marqueses, PMSG Gilbert Restrivera, PCPL Ayudante Macanas, at PAT Virgil Paraon ay naaresto ang suspek bunga ng paglabag sa Republic Act 10591 (Illegal Possession of Firearm) matapos matuklasan ang isang revolver caliber .38 dahil sa pagbukas sa compartment ng motorsiklo nito para kunin ang mga dokumento.

# KWF, Nagsagawa ng Seminar sa Korespondensiya Opisyal sa DBM

Nagsagawa ng Seminar sa Korespondensiya Opisyal ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa 28 kawani ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala na nagmula pa sa mga tanggapan nitó sa NCR, Rehiyon III, V, at IX kasama ang mga kawani sa sentral na tanggapan ng ahensiya mula sa Tanggapan nina OUSEC Libiran – MACRO, OUSEC Salcedo, OASEC Dela Vega, ACTS, BILS, OADC, BMB-E, LGRCB, at OCIO.

Ang pagpapadala ng DBM ng mga kalahok na may ranggo na mulang Administrative Assistant III-V, Information Officer 1-IV, Acting Chief Budget and Management Specialist, Budget and Management Specialist I, Administrative Officer III, Senior Budget and Management Specialist, at Executive Assistant II-III ay patunay lámang na seryoso itó sa pagbibigay espasyo sa Atas Tagapagpaganap Blg. 335 na pormal na nag-aatas sa paggamit ng Filipino sa mga opisyal na trasaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya sa mga ahensiya at lokal na yunit ng pamahalaan.

Nagbigay ng oryentasyon hinggil sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 si G. Jomar I. Cañega at nagsilbing tagapanayam sina Dr. Duclay para sa Patnubay sa Paghahanda ng Korespondensiya; Dr. Lamarca sa Ortograpiyang Pambansa, at Komisyoner Mendillo Jr. para sa Introduksiyon sa Pagsasaling Pampamahalaan.

Personal na sinaksihan at nagbigay ng hámon at inspirasyon sa mga kalahok hinggil sa halaga ng Filipino sa serbisyo publiko ang bagong hirang na Tagapangulo ng KWF na si Atty. Marites A. Barrios-Taran. Binigyang-diin din sa kaniyang talumpati ang hinggil sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika ngayong Agosto. Ang SKO sa DBM ang unang pormal na pagharap sa publiko ni Atty. Taran bílang tagapangulo ng KWF.

# Wanted 'nasilo' sa Silang

**NASILO** ang isang wanted sa isinagawang operasyon ng kapulisan kamakailan sa Silang, Cavite.

Ang akusadong si alyas Aries, residente ng Barangay Pasong Langka, Silang, ay Top #3 Most Wanted Person-Municipal Level.

Siya ay naaresto dakong alas-4:00 ng hapon sa naturang barangay nitong Agosto 12.

Ang pagkakaaresto ay sa bisa ng Order to Take Custody na inilabas ng Regional Trial Court, Branch 3, Tagaytay City, Cavite para sa kasong Statutory Rape (2 counts) may petsang Agosto 4, 2025 na may inirekomendang piyansang halagang Php400,000.00.

Isinagawa ng warrant personnel ng Silang Municipal Police Station ang operasyon gamit ang alternative recording device.

# MWP, timbog sa Tagaytay

**TIMBOG** ang isang Most Wanted Person (MWP) Regional Level sa ikinasang operasyon ng kapulisan kamakailan sa Tagaytay City, Cavite.

Isinagawa ng Intel, Warrant, at WCPD personnel ng Tagaytay Component City Police Station ang operasyon dakong alas-8:25 ng umaga nitong Agosto 13 sa Barangay Mendez Crossing East, Tagaytay City, na nagresulta sa pagkakahuli kay alyas Simon, residente ng Barangay Mag-asawang Ilat, ng nasabing lungsod.

Inaresto si Simon sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ng RTC Branch 3, Tagaytay City, Cavite, noong Agosto 4, 2025 para sa kasong rape sa ilalim ng Art. 266-A(1) kaugnay ng Art. 266-B ng Revised Penal Code, na inamyendahan ng RA 8353 at RA 11648.

Walang inirekomendang piyansa ang hukuman.

# Editoryal

## Taumbayan ang naghihintay ng katotohanan

**NITONG Agosto 11 sa press briefing sa Malacañang ay inihayag ni Pangulong Bongbong Marcos, Jr. ang inilusad na isang online platform. Ito ay ang 'sumbongsapangulo.ph website' kasabay ng pagtiyak ni PBBM na siya mismo ang magbabasa ng mga reklamo at sumbong na idudulog sa nasabing website na may kinalaman sa flood control projects. Sa dalawampung porsiyento o 20% ng kabuuang P545.64-billion-peso flood control projects ay sinasabing sa 15 contractors lamang napunta. Maraming misteryo sa pagsisiyasat na nais mapagtanto ng Pangulo. Hilaw pa o hindi pa napapanahon sa pagbabanggit ng mga pangalan ng mga opisyal ng gobyerno na sangkot sa gusot dahil gumugulong pa ang imbestigasyon. Dapat ay isang kredibilidad na malalimang pagsisiyasat dahil taumbayan ang naghihintay ng katotohanan.**

# 'TSISMIS nina MARE at TESS

Batu-bato, tabi-tabi po!

Kwento ni CHIT MOZO

## Bagong 'Watch Man' kapalit ni Mang Sammy

**Mare:** Halika Tess, may ipasisilip ako sa'yo dito sa bintana.
**Tess:** Ano ba 'yun at sino naman ang ipasisilip mo? Sige, heto na at sisilip na.
**Mare:** O ano, nasilip mo ba? Nakita mo ba?
**Tess:** Yah! Kitang-kita ng dalawang mata ko 'yung si manong na nagtitinda ng binatog.
**Mare:** Hindi si manong na nagtitinda ng binatog. 'Yung isang matandang lalaki na naglalakad, hayun oh.
**Tess:** Asus, akala ko pa naman si manong eh. Akala ko kaya mo ako pinasilip sa bintana para makita ang nagtitinda ng binatog.
**Mare:** Nakita mo 'yung matandang lalaki? Kilala mo ba 'yun?
**Tess:** Oo kilala ko 'yun, pero mas interesado ako kay manong eh.
**Mare:** Aber, eh bakit ka naman interesado kay manong?
**Tess:** Syempre, dun sa itinitindang binatog. Ililibre mo ba ako ng binatog? Pwede ng meryenda 'yun.
**Mare:** O sige lumabas ka muna saglit at bumili ka ng binatog para may nginangata tayo habang nagtsitsikahan.
**Tess:** Heto na Mare ang binatog, pinagbukod ko 'yan para tig-isa tayo at walang lamangan hehehe.
**Mare:** 'Nung nasa labas ka at bumibili ng binatog ay nakita mo pa ba sinasabi kong matandang lalaki?
**Tess:** Ah oo, si Mang Sammy ba ang sinasabi mo?
**Mare:** Siya nga, si Mang Sammy nga. Mayroon ka bang napuna sa kanya?
**Tess:** Parang matamlay si Mang Sammy, lulugu-lugo na naglalakad. Sabagay matanda na, o baka naman may sakit.
**Mare:** Matanda na si Mang Sammy pero malakas pa. Wala akong alam na iniindang sakit 'yun.
Tess: Eh bakit ganon Mare, lulugu-lugo na matamlay?
**Mare:** Malamang kaya matamlay ay nalulungkot kasi malapit na s'yang magretiro eh.
**Tess:** Ano nga ba Mare ang trabaho ni Mang Sammy?
**Mare:** 'Watch Man' ang tawag sa posisyon ni Mang Sammy sa isang malaking kumpanyang kanyang pinapasukan.
**Tess:** Eh ano naman ang trabaho o ginagawa n'ya bilang 'watch man' ha?
**Mare:** Tigamasid, kaya nga watch man eh. Minamanmanan at sinusubaybayan n'ya ang lahat ng empleyado kahit opisyal ng kumpanya.
**Tess:** Ganon lang ang trabaho! Tapos eh ano pa iba?
**Mare:** Mag-iimbestiga s'ya 'pag may nalaman s'yang empleyado na gumagawa ng katiwalian o mali. After 'nun ay isa-submit n'ya ang kanyang report. Ang board member ng kumpanya ang magdedesisyon.
**Tess:** Mukhang madali lang ang trabaho n'ya pero mahirap at maselan pala.
**Mare:** Mahirap talaga, pero 'di naman s'ya saklaw ng company policy. Direct appointment s'ya ng presidente ng kumpanya at lahat ng investigation report n'ya ay direkta sa board member.
**Tess:** 'Panu ang kanyang mga benepisyo kung 'di s'ya saklaw kamo ng kumpanya?
**Mare:** By contract lang kasi ang pagiging isang 'Watch Man' 'dun pero malaki ang bayad sa kanyang kontrata. Ang 'di ko lang alam ay kung may extra pang nakukuha mula sa company president 'pag natapos na ang kontrata.
**Tess:** Sana all! Malaki ang payment sa kontrata. Ilan years naman ang kontrata?
**Mare:** Sa pagkakaalam ko ay seven to ten years 'ata ang contract. 'Di ako sure ha kung ilan years talaga. Bakit kamo malaki ang payment? Kasi matindi dapat ang background o achievement para maging 'Watch Man' kagaya ni Mang Sammy na bukod sa isang propesor ay abogado pa.
**Tess:** Nalalapit na ang pagtatapos ng termino o kontrata ni Mang Sammy, sino na ang papalit sa kanya?
**Mare:** Halimbawa, ikaw o ako at kahit sino na ang tingin sa sarili ay kwalipikado ay pwedeng magsumite ng aplikasyon sa HRD ng kumpanyang 'yun.
**Tess:** Patawa ka naman Mare, 'panu tayo may-a-apply 'dun eh dakilang tsikadora lang tayo hehehe.
**Mare:** Piling-pili ang tatanggaping application ng HRD, mabibilang mo lang sa mga daliri sa mga kamay.
**Tess:** 'Ganon kakonti?
**Mare:** Yup! Siguro mga lima o pitong application lang. Tapos mababawasan pa 'yun kasi ibibigay ng HRD sa board member ang halimbawa ay limang application.
**Tess:** Ano'ng mangyayari sa limang application?
**Mare:** Bubusisiing mabuti ng board member at tatlo lang ang matitirang application na isa-submit naman sa presidente ng kumpanya.
**Tess:** 'Dun sa tatlong application ay pipili ng isa ang company president na itatalagang bagong 'Watch Man' na magiging kapalit ni Mang Sammy, tama ba?
**Mare:** Tama ka 'dyan Tess, kaya dapat ay maging maingat ang company president sa pagpili at pagtalaga ng bagong magiging 'Watch Man' kasi sensitibo nga at maselan ang duties and responsibilities nito. Dapat ay may kredibiidad at neutral lamang.

--- Wakas ---

Ang ipinagkakaloob at ipinagkakatiwala na tungkulin na nakalaan para sa mga katotohanan lamang ay kinakailangang ginagawa at ginagampanan para sa tunay na kapakinabangan.

# Kalibre

Romy Santos
0977-7844136

## Masakit ang hampas ng dila

**KARAKTER** na ng bawat indibwal ang pagpapatawa o pagbibiro.

Sa isang umpukan ay hindi naman palaging seryoso ang paksa ng usupan dahil may pagkakataon na humahantong sa pagbibiruan kasunod ay ang tawanan.

Lalo na kung may mga kasama sa umpukan na medyo may pagkakomedyante.

Iba-iba ang uri ng pagpapatawa dahil hindi lamang sa pamamagitan ng mga salitaan bagkus ay mayroon ding galaw o aksiyon.

Isa sa halimbawa ay tatanggalin bigla ang upuan kaya masasalampak sa sahig ang dapat ay uupo.

Ikaw na nagbiro ng ganoon ay masaya dahil nakita mo sa paligid na mayroong mga nakangiti at nagtawanan.

Pero paano ang mga hindi ngumiti at tumawa? Mas marami ba ang nasiyahan o ang hindi natuwa sa ganoong biro?

Kung tutuusin ay hindi magandang biro iyon sa kadahilanang nakakasakit.

Ganoon din sa pagbibirong ang gamit ay dila lamang sa pamamagitan ng kung anu-anong lalabas sa bibig subalit nakakasakit.

Ang isang uri ng biro ay nakasakit ng pisikal habang ang isa naman ay damdamin ang sinaktan.

'Ika nga, higit na masakit ang hampas ng dila dahil lumalatay sa kalooblooban na napakatagal maghilom kumpara sa sampal o suntok na madaling humupa ang marka o sugat.

Ang biruan at kasiyahan ay kailangan din naman subalit dapat ay nasa wasto at hindi nakakasakit ng pisikal lalo na ng damdamin.

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE K. BILLONES**
*Managing Editor*

Ang '**HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927
**Website: https://hanep.net**
**Email:** ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

*Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.* papi

ADVERTISING RATES
COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

# DOST-CAR hosts back-to-backevents in Baguio City to champion resilience and innovation in Luzon

**Baguio City -** The Department of Science and Technology – Cordillera Administrative Region (DOST-CAR) have successfully hosted two major science-led events, the HANDA Pilipinas Luzon Leg 2025 and the 2025 Regional Science, Technology, and Innovation Week (RSTW) from August 7 to 9 at the Newtown Plaza Hotel, Baguio City.

The twin events gathered leaders from the national government agencies and local government units, researchers, innovators, educators, and disaster risk reduction practitioners during the three-day celebration which highlighted how science, technology, and innovation (STI) can empower and transform communities.

With the theme “Bida ang HANDA: STI for a Smart and Resilient Luzon,” the HANDA Pilipinas Luzon Leg 2025 underscored the growing importance of proactive and science-based approaches to disaster preparedness.

As the host region, DOST-CAR spearheaded the convergence of key stakeholders to demonstrate how STI can equip communities not only to respond but to anticipate, mitigate, adapt to, and even thrive amid challenges posed by climate change and natural disasters.

Baguio City Vice Mayor Faustino Olowan, speaking on behalf of Mayor Benjamin Magalong, formally welcomed the participants and extended the city’s gratitude to DOST-CAR for choosing Baguio as the host city. He emphasized the event’s relevance to local resilience efforts and expressed his support with the words, “Mabuhay ang siyensya at inobasyon para sa Bagong Pilipinas.”

DOST-CAR Regional Director Dr. Nancy A. Bantog focused on the role of collaboration in achieving shared resilience goals, noting that the event brings together national agencies, scientists, innovators, disaster risk reduction experts, local planners, and the academe. In her message, she framed the event as a platform for exchanging tools, ideas, and solutions that strengthen regional and local capacities for disaster preparedness and smart development.

Keynote speaker and DOST Secretary Dr. Renato U. Solidum Jr. echoed the event’s central message as he emphasized the vital role of STI in equipping communities with the capacity to prevent, reduce, and respond to disaster risks. He highlighted DOST-led programs such as GeoRiskPH, Project SARAi, DANAS Project, MOCCOV, GRIND, and Innovation Hubs as vital components of the country’s broader resilience agenda.

“Let us take action. Let us be prepared. Let us be HANDA,” he said, rallying participants to champion science as a tool for survival and progress.

Presidential Assistant for Northern Luzon Assistant Secretary Ana Carmela V. Remigio also graced the occasion and expressed her support for DOST’s continuing initiatives. She recognized that these efforts align with President Ferdinand R. Marcos Jr.’s administration and with the strategic priorities outlined in the Philippine Development Plan.

In the afternoon of the same day, the 2025 Regional Science, Technology, and Innovation Week (RSTW) in CAR was formally launched, also under the leadership of DOST-CAR. The regional celebration carried the theme “Building Smart and Sustainable Communities” and focused on the application of STI in improving local livelihoods, education, public services, and environmental management.

Dr. Bantog once again emphasized the importance of making science accessible, responsive, and empowering for all Filipinos, particularly those in geographically isolated and disadvantaged areas.

Among the highlights of the RSTW opening was the launch of DOST-CAR’s official mascot, “CURIOSTI,” which symbolizes curiosity and the enthusiasm to explore science among learners and the general public. The mascot is expected to be a visual icon of DOST-CAR’s continuing commitment to promote science culture in the region.

Secretary Solidum returned to spotlight DOST’s four core pillars: human well-being, wealth creation, wealth protection, and sustainability, and reaffirmed the agency’s role in building stronger, innovation-driven local economies.

As part of DOST’s support for the Cordilleras, a ceremonial turnover of mountain engineering technologies was also conducted. These included slope stability analysis and engineering interventions for rice terraces and roads in terrain areas, as well as an artificial groundwater recharge facility designed to help mitigate droughts and flooding in vulnerable upland communities.

Throughout the three-day celebration, participants are expected to engage in various forums, technical sessions, and exhibits showcasing ready-for-adoption technologies from DOST agencies, partner SUCs, LGUs, and private sector collaborators. From tools for disaster risk reduction to smart solutions for agriculture, health, and infrastructure, the events aim to bridge the gap between science and the communities that need it most. ***(Nelson Santos)***

# "FILIPINO INVENTORS WINS 3 GOLDS AT THE SILICON VALLEY INTERNATIONAL INVENTION FESTIVAL"

Filipino Inventors shine bright in the recently concluded 4th Silicon Valley International Inventions Festival, held from August 8 to 10, 2025, at the Silicon Valley Convention Center in Santa Clara, California.

Awardees are as follows:

* Unsinkable PortaBoat - Inv Ronald Pagsanghan, Ph.D

* Sambacur Plus - Inv. Richard Gomez, CNP and Inv. Rigel Gomez, CNP

* Sultana Digital Rice Vendo Machine - Jefferson Ong

Team morale was boosted with the visit of Philippine Consul Rowena Daquipin.

The Silicon Valley International Inventions Festival is organized under the auspices of the International Federation of Inventors’ Associations and attracts participants from around the world.

SAMBACUR PLUS Wins Gold at the Silicon Valley International Inventions Festival

Philippine-made SAMBACUR PLUS earned a Gold Award at the 4th Silicon Valley International Inventions Festival, held from August 8 to 10, 2025, at the Silicon Valley Convention Center in Santa Clara, California.

Formulated with premium Philippine-grown herbs, SAMBACUR PLUS has helped thousands of individuals combat Chronic Kidney Disease (CKD) by supporting kidney function. Healthy kidneys help regulate essential compounds in the blood, contributing to improved wellness. Many users have reported significant recovery from CKD and, in some cases, even from dialysis.

The product is manufactured by Bauertek Pharmaceutical Technologies and distributed through Kaibigan sa Kalusugan.

The Silicon Valley International Inventions Festival is organized under the auspices of the International Federation of Inventors’ Associations and attracts participants from around the world.

# #InternationalYouthDay: Young voices call for system change, demand polluters' accountability, reparations

In recent years, the youth have proven that TikTok challenges aren’t the only battles they are willing to take on. Across the globe, they have emerged as a strong and fundamental player in addressing the multifaceted issues that slowly decapitate the world.

More than just a demographic or a fleeting trend, the youth’s firsthand experience in this climate crisis leads them to be actively involved in bringing fresh perspectives, unburdened by the status quo, that are essential to developing a more effective policy and actions to achieve Sustainable Development Goals.

Today, there are 1.2 billion youth, accounting for 16 percent of the global population, according to the United Nations. The number of youth is projected to grow by 7 percent more, which is nearly 1.3 billion, by 2030. With the increasing number and demands for change, the youth don't wait for permission to take action; they are already organizing and mobilizing.

From Fridays for Future, established by a 15-year-old, that takes over the streets of Europe and other parts of Asia, to the Sangguniang Kabataan (SK) councils in the Philippines, these young people are fearlessly exposing the inadequacies of governments and their failure to ensure justice for the people and the planet.

On July 20, 2025, the SK councils of Igpit and Barra town in Opol, Misamis Oriental, and the youth group Hirang na Hiraya, declared a Climate Emergency for their respective towns. Misamis Oriental is a coastal province, recognized for its natural beauty. Still, a fossil fuel power plant is also situated in the area, which causes its beauty to deteriorate over time.

The SK councils of Brgy. Cabusay, Labo, Camarines Norte, also recognized the urgency of this climate crisis, so last November 13, 2024, they declared a Climate Emergency through a resolution. This is the first climate emergency declaration by an SK local government unit. Through this initiative, they have demonstrated commitment to their future. This declaration recognizes the urgent need for sustained action to assess the demands of the climate crisis.

We are not only seeing the youth in the streets or their towns; they are taking the movement to the highest court. On July 23, 2025, the International Court of Justice (ICJ) gave its Advisory Opinion on the Obligations of States in respect of Climate Change. Through the voices of 27 students from the University of the South Pacific, we now have an ICJ ruling that countries must comply with their climate obligations, holding rich polluting countries accountable for the climate crisis.

These campaigns, initiated by these young people, are proof that this generation refuses to inherit an ash-covered planet without a fight. This generation’s youth is not simply a representation but an effective community organizer, scientist, storyteller, frontliner, and leader. They see through the poor performance of the government, the two-faced institutions that fund these dirty power plants, and the greedy fossil fuel companies. The youth demand accountability from these major polluters for a livable future.

With the worsening crisis, the people can no longer be swayed by the status quo. The world doesn’t need more empty summits, declarations, and bankrupt governments; it requires a profound system change, and the youth are yearning for it

# ADDENDUM TO DEED OF EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF SALVADOR O. JIMENEZ

**NOTICE** is hereby given that **Salvador O. Jimenez,** died intestate on December 9, 2007 at Imus, Cavite. The decedent's wife Isabelita Jimenez passed away on November 18, 2009 and no longer around to join on executing said deed and inheriting her corresponding share in the estate as legal heir at the time the deed of extrajudicial settlement was made and executed on December 20, 2019 in Kawit, Cavite before Notary Public for the Province of Cavite, Manolo E. Lazaro and docketed in his notarial register as Doc. No. 270; Page No. 55: Book No. 55: Series of 2019, this Addendum to Deed of Extrajudicial Settlement of Estate of Salvador O. Jimenez was extrajudicially settled by the only sole, exclusive and surviving legal heirs executed before Notary Public Atty. Denmark G. Bocalan as per Doc No. 274; Page No. 56; Book No. XXII; Series of 2025.

**Publication: HANEP** Aug. 18, 25 & Sept. 1, 2025

# EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT WITH TRANSFER OF RIGHTS

**NOTICE** is hereby given that the estate of the late CELESTINO MADLANGBAYAN MENDOZA who passed away on 09 December 2019 in General Trias City, Cavite left a motor vehicle registered under his name, more particularly described as:

| | |
|---|---|
| MAKE: | KAWASAKI |
| SERIES: | BC175G |
| DENOMINATION: | TRICYCLE |
| BODY TYPE: | TC |
| YEAR MODEL: | 2016 |
| ENGINE NO: | BC175AEL74793 |
| CHASSIS NO: | BC175G-B30526 |
| PLATE NO: | 042802 |
| FILE NO: | 0201-00000394307 |
| C.R. NO.: | 41598062-2 |

was extrajudicially settled by the surviving legal heirs, executed before Notary Public Atty. Rachelle G. Patam-Ki as per Doc No. 265; Page 54; Book 03; Series of 2025.

**Publication: HANEP** August 18, 25 & September 1, 2025

# TOPCOP TRAINING TOWARDS A SAFER CAVITE TOURISTS

In partnership with the Philippine National Police - CALABARZON, the Provincial Government of Cavite, and the City Government of Tagaytay, the Department of Tourism (DOT) Region IV-A successfully concluded the Integrated Tourist Safety and Security Seminar for Tourist-Oriented Police for Community Order and Protection (TOPCOP) from August 5-8, 2025 in Tagaytay City, Cavite.

The seminar, which was attended by 50 tourist police officers from different cities and municipalities in Cavite, empowered the participants and equipped them with knowledge and skills to ensure the physical safety and security of foreign and local tourists and provide quality services that meet tourism standards.

Resource speakers from the DOT and the Cavite Provincial Police Office covered topics such as the Philippine tourism industry, child-safe tourism, human rights, and gender and development. Ms. Rosanni R. Sarile of the Premier Cavite Tourism Board, Inc. discussed Philippine history and Cavite culture and tourism, while representatives from the PDRRMO conducted first-aid training for tourist police.

The Filipino Brand of Service Excellence (FBSE) was also a highlight of the comprehensive TOPCOP seminar as Ms. Cecilia Biñas, a DOT-accredited speaker, gave an enlightening lecture on the topic. On the last day of the seminar, an open forum with local tourism stakeholders was conducted to address issues on tourist safety and security.

DOT IV-A Regional Director Marites T. Castro lauded the participants for their commitment and reiterated the significance of the seminar in achieving a safer and more secure tourism environment in the region. ***(Cavite Tourism fb)***

# Hakab'Ta 2025: Caviteño mothers unite to celebrate breastfeeding and baby health

More than 50 newly delivered mothers and their infants gathered at the OB Ward of General Emilio Aguinaldo Memorial Hospital in Trece Martires City on August 8, 2025 for Hakab 'Ta 2025, a breastfeeding advocacy event spearheaded by the Philippine Pediatric Society - Southern Tagalog Chapter in partnership with the Office of the Provincial Health Officer.

Hakab 'Ta is part of the National Breastfeeding Awareness Month activities and follows a long-running tradition of simultaneous breastfeeding events and community promotions that encourage exclusive breastfeeding, strengthen mother-baby bonding, and raise public awareness about the health and nutritional benefits of breastmilk. These gatherings aim to create visible community support for breastfeeding and to remind the public that breastfeeding is the best start for infants.

The activity featured a lecture on breastfeeding by Dr. Jindra Tetangco of the Philippine Pediatric Society - Southern Tagalog Chapter. She delivered an informative and encouraging lecture covering breastfeeding techniques, proper latch, common concerns (sore nipples, low milk supply), and how family members can support a breastfeeding mother. Participating mothers took part in demonstrations and had the opportunity for one-on-one consultations with health staff.

The event emphasized both the science and the everyday realities of breastfeeding, helping mothers gain confidence and practical skills.

To close the program, Dr. Laura Maria Soledad A. Aguinaldo, GEAMH Breastfeeding Coordinator, delivered an inspiring message, commending the mothers for their commitment to giving their children the best start in life and encouraging them to continue breastfeeding with the support of their families and community. She also encouraged attendees to continue accessing local maternal and child health services and to join peer-support activities to sustain breastfeeding beyond the hospital stay. ***---JDP (CPIO)***

# DOLE extends P373-K aid to parents of child laborers in Cavite

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA)** — At least 19 parents and guardians of identified child laborers in Cavite received livelihood assistance from the Department of Labor and Employment (DOLE) Region IV-A through its Cavite Provincial Office.

Beneficiaries received a total of P373,571.10 in livelihood assistance, consisting of starter kits for small enterprises such as sari-sari stores, eateries, street food vending, and frozen goods reselling.

In a statement, DOLE Cavite Provincial Director Marivic Martinez said the initiative reflects the DOLE's continued efforts to eliminate child labor and to help create a future where every Filipino child is free to learn, play, and dream.

"The livelihood assistance aims to ease the financial burden on vulnerable families and ensure that children stay in school and out of hazardous or exploitative labor. More than just livelihood support, the intervention is a meaningful step toward breaking the cycle of poverty and helping these children become true Batang Malaya," Martinez said.

She also emphasized to parents and guardians of child laborers that they must sustain the livelihood package awarded to them and ensure that their children will no longer engage in any kind of work.

"Alagaan at paunlarin n'yo po itong pinagkaloob ng DOLE sa inyo, pero higit sa lahat, hindi na pwede at dapat hindi na babalik ang mga anak n'yo sa pagtatrabaho," Martinez stressed.

"Ang focus dapat nila ay una, studies, kaya dapat pagbutihin ang pag-handle nito, para may pantustos kayo sa pangangailangan ng mga anak n'yo at, huli, ay ma-enjoy nila ang pagiging bata nila. Dapat naglalaro sila sa playground, hindi iyong nagwo-work kung saan," she added.

According to DOLE, child labor remains a deep-rooted social issue in the Philippines, often fueled by poverty and lack of livelihood opportunities. Many children are forced to trade classrooms for construction sites, kitchens, or farms, missing out on their right to education, safety, and proper development.

"DOLE's ongoing interventions are a clear recognition that eradicating child labor requires more than enforcement, it demands empowerment. By equipping parents and guardians with viable means of income, DOLE helps ensure that children can return to school, reclaim their childhood, and pursue their dreams," DOLE Calabarzon said in a statement.

For parents like Grace Romerica, the assistance is more than just financial — it's a second chance for their children.

"Bilang isang magulang, wala nang mas masakit pa kaysa sa makitang ang anak mo ay kinakailangang tumigil sa pag-aaral at magtrabaho dahil sa kakulangan sa kabuhayan. Pero sa tulong ng DOLE Cavite na livelihood assistance na ito, muling nabigyan kami ng pag-asa. Maraming salamat po sa DOLE sa tulong," she said.

A child beneficiary, Emily (not her real name), shared how the program changed her life: "Maraming, maraming salamat po sa pagbibigay sa amin ng panibagong simula. Hindi na po ako nagtitinda ng candy, maglalako ng tuyo at tinapa. Pangako ko po, mag-aaral ako nang mabuti at gagamitin ko ang ikalawang pagkakataong ito para tuparin ang aking mga pangarap. Sana po mas marami pa kayong matulungan na kagaya ko."

Through programs like DOLE's livelihood assistance and the Child Labor Prevention and Elimination Program, the government affirms its goal of uplifting the most vulnerable sectors, fostering economic self-reliance, and ensuring that no Filipino child is forced to work at the expense of education and well-being. By PIA CALABARZON ***(with reports from DOLE 4A)***

# Aspiring Caviteño entrepreneurs engaged in the 2025 Biz iCREATE Training Program

